

Worship

By Elder D. Todd Christofferson
Of the Quorum of the Twelve Apostles

Pagsamba

Ni Elder D. Todd Christofferson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

April 2025 general conference

What does worshipping God mean for you and me?

“Now when Jesus was born in Bethlehem of Judea in the days of Herod the king, behold, there came wise men from the east to Jerusalem,

“Saying, Where is he that is born King of the Jews? for we have seen his star in the east, and are come to worship him.”

The Magi, as they are sometimes called, were wise in seeking to find and worship the Messiah. For them, worshipping meant falling down before Him and offering Him gifts of gold and precious, fragrant spices.

What does worshipping God mean for you and me?

When we think of worship, our thoughts typically turn to the ways we show religious devotion both privately and in Church services. As I have considered the matter of worshipping our Heavenly Father and His Beloved Son, our Savior, four concepts have come to mind: first, the actions that constitute our worship; second, the attitudes and feelings that figure into our worship; third, the exclusivity of our worship; and fourth, the need to emulate the Holy Beings that we worship.

First, the Actions That Constitute Our Worship

Para sa atin, ano ang ibig sabihin ng pagsamba sa Diyos?

“Nang ipanganak si Jesus sa Bethlehem ng Judea sa kapanahunan ng haring si Herodes, may mga Pantas na lalaki mula sa silangan na dumating sa Jerusalem,

“[N]a nagtatanong, Nasaan ang ipinanganak na hari ng mga Judio? Sapagkat nakita namin ang kanyang bituin sa silangan, at naparito kami upang siya’y sambahin.”

Ang mga Pantas na ito, na siyang tawag sa kanila, ay matalino sa paghahanap at pagsamba sa Mesiyas. Para sa kanila, ang pagsamba ay pagluhod sa Kanyang harapan at pagbibigay sa Kanya ng mga regalong ginto at mga mamahalin at mababangong sangkap.

Para sa atin, ano ang ibig sabihin ng pagsamba sa Diyos?

Kapag iniisip natin ang pagsamba, ang ating isipan ay karaniwang nababaling sa mga paraan ng pagpapakita ng ating debosyon sa Diyos kapwa sa pribado nating buhay at sa mga pulong sa Simbahan. Habang pinagbubulayan ko ang tungkol sa pagsamba natin sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak na ating Tagapagligtas, may apat na konsepto na pumasok sa aking isipan: una, ang mga ginagawa natin na nagpapakita ng ating pagsamba; pangalawa, ang ating saloobin at damdamin habang tayo ay sumasamba; pangatlo, ang pagiging eksklusibo ng ating pagsamba; at pang-apat, ang pangangailangang tularan ang mga Banal na Nilalang na ating sinasamba.

Una, ang mga Ginagawa Natin na Nagpapakita ng Ating Pagsamba

One of the most common and important forms of worship is to gather in a consecrated space to perform acts of devotion. The Lord says, “And that thou mayest more fully keep thyself unspotted from the world, thou shalt go to the house of prayer and offer up thy sacraments upon my holy day.” This is, of course, our primary motivation in building chapels. But, if necessary, a non-dedicated space will do if we can invest it with some degree of sanctity.

Most important is what we do when we gather on the Lord’s day. Of course, we dress as best we can according to our means—not extravagantly but modestly in a way to signal our respect and reverence for Deity. Our conduct is similarly reverent and respectful. We worship by joining in prayer; we worship by singing hymns (not just listening to but singing the hymns); we worship by instructing and learning from one another. Jesus says, “Remember that on this, the Lord’s day, thou shalt offer thine oblations [meaning thine ‘offerings ... of time, talents, or means, in service of God and fellowman’] and thy sacraments unto the Most High, confessing thy sins unto thy brethren, and before the Lord.” We come together not to entertain or be entertained—as by a band, for instance—but to remember Him and be “instructed more perfectly” in His gospel.

At the most recent general conference, Elder Patrick Kearon reminded us that “we do not gather on the Sabbath simply to attend sacrament meeting and check it off the list. We come together to worship. There is a significant difference between the two. To attend means to be present at. But to worship is to intentionally praise and adore our God in a way that transforms us!”

Devoting our Sabbaths to the Lord and His purposes is itself an act of worship. Some years ago, then-Elder Russell M. Nelson observed: “How do we hallow the Sabbath day? In my much younger years, I studied the work of others who

Ang isa sa pinaka-karaniwan at pinakamahalagang mga anyo ng pagsamba ay ang pagtitipon sa isang inilaang lugar para magpakita ng debosyon. Sinabi ng Panginoon, “At upang lalo pa ninyong mapag-ingatan ang inyong sarili na walang-bahid-dungis mula sa sanlibutan, kayo ay magtungo sa panalanginan at ihandog ang inyong sakramento sa aking banal na araw.” Ito, siyempre pa, ang ating pangunahing dahilan sa pagtatayo ng mga chapel. Ngunit, kung kinakailangan, maaaring angkop ang isang di-inilaang lugar kung maipapaayos natin ito para maging isang banal na lugar.

Ang pinakamahalaga ay kung ano ang ginagawa natin kapag tayo ay nagtitipon sa araw ng Panginoon. Siyempre, isinusuot natin ang pinakamaganda nating kasuotan na ayon sa ating kakayahan—hindi marangya, bagkus ay disente sa paraan na nagpapakita ng ating paggalang at pagpipitagan sa Diyos. May pagpipitagan at paggalang din ang ating kilos. Tayo ay sumasamba sa pamamagitan ng sama-samang panalangin; sa pag-awit ng mga himno (hindi lamang nakikinig kundi umaawit din ng mga himno); at pagtuturo at pagkatuto mula sa isa’t isa. Sinabi ni Jesus, “Tandaan na dito, sa araw ng Panginoon, inyong iaalay ang inyong mga handog [na ang ibig sabihin ay, inyong ‘mga handog, [na] oras ... , talento, o yaman sa paglilingkod sa Diyos at kapwa’] at ang inyong mga sakramento sa Kataas-taasan, ipinagtatapat ang inyong mga kasalanan sa inyong mga kapatid at sa harapan ng Panginoon.” Tayo ay nagtitipon hindi para libangin ang iba o maglibang—halimbawa, sa pamamagitan ng isang banda—kundi para alalahanin Siya at “upang kayo ay lalong ganap na matagubilinan” sa Kanyang ebanghelyo.

Sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya, pinaalalahanan tayo ni Elder Patrick Kearon na “hindi tayo nagtitipon sa araw ng Sabbath para lamang dumalo sa sacrament meeting at masabing nagawa natin ito. Nagtitipon tayo para sumamba. May malaking pagkakaiba sa dalawang ito. Ang ibig sabihin ng pagdalo ay pagpunta sa isang kaganapan. Ngunit ang pagsamba ay ang sadyang pagpuri at pagbibigay-galang sa Diyos sa paraang magpapabago sa ating sarili!”

Ang paglalaan ng ating mga Sabbath sa Panginoon at sa Kanyang mga layunin ay isa ring paraan ng pagsamba. Ilang taon na ang nakaraan, pinansin ng noo’y si Elder Russell M. Nelson: “Paano ba natin ginagawang banal ang araw

had compiled lists of things to do and things not to do on the Sabbath. It wasn't until later that I learned from the scriptures that my conduct and my attitude on the Sabbath constituted asign between me and my Heavenly Father [see Exodus 31:13; Ezekiel 20:12, 20]. With that understanding, I no longer needed lists of dos and don'ts. When I had to make a decision whether or not an activity was appropriate for the Sabbath, I simply asked myself, 'What sign do I want to give to God?'"

Worship on the Lord's day is marked by a particular focus on the great atoning sacrifice of Jesus Christ. We appropriately and specially celebrate His Resurrection at Easter but also every week as we partake of the sacramental emblems of His Atonement, including His Resurrection. For the penitent, partaking of the sacrament is the highlight of Sabbath worship.

Worshipping together as "the body of Christ" has unique power and benefits as we teach, serve, and sustain one another. Interestingly, one recent study found that those who view their spiritual lives as entirely private are less likely to prioritize spiritual growth, or to say their faith is very important, or to have regular devotional time with God. As a community of Saints, we strengthen each other in worship and in faith.

Even so, we cannot forget the daily acts of worship that we engage in individually and at home. The Savior reminds us, "Nevertheless thy vows shall be offered up in righteousness on all days and at all times." One sister wisely observed, "I cannot think of a more profound way to worship God than to welcome His little ones into our lives and care for them and teach them His plan for them."

Alma and Amulek taught the Zoramites who

Sabbath? Noong ako ay bata pa, pinag-aralan ko ang listahan na ginawa ng ibang tao tungkol sa bagay na dapat gawin at hindi dapat gawin sa araw ng Sabbath. Kalaunan ko lang natutuhan mula sa mga banal na kasulatan na ang aking kilos at pag-uugali sa Sabbath ay dapat na mag-ingtanda sa pagitan ko at ng aking Ama sa Langit [tingnan sa Exodo 31:13; Ezekiel 20:12, 20]. Dahil sa pagkaunawang iyon, hindi ko na kailangan ng listahan ng mga dapat at hindi dapat gawin. Kapag kailangan kong magpasiya kung ang isang aktibidad ay angkop o hindi sa araw ng Sabbath, tinatanong ko lang ang sarili ko, 'Anong tandaang nais kong ibigay sa Diyos?'"

Ang isang mahalagang aspeto ng pagsamba sa araw ng Panginoon ay ang pagbibigay ng partikular na pansin sa dakilang nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo. Angkop at espesyal ang ating pagdiriwang ng Kanyang Pagkabuhay na Muli sa araw ng Pasko ng Pagkabuhay, at dapat gayundintuwing linggo habang nakikibahagi tayo sa sakramento na sagisag ng Kanyang Pagbabayad-sala, pati na rin ng Kanyang Pagkabuhay na Muli. Para sa mga nagsisisi, ang pakikibahagi sa sakramento ang sentro ng pagsamba sa araw ng Sabbath.

Ang pagsamba nang magkasama bilang "kawatwan ni Cristo" ay may natatanging kapangyarihan at pakinabang habang tinuturuan, pinaglilingkuran, at sinusupportahan natin ang isa't isa. Napag-alaman sa isang pag-aaral kamakailan na ang mga taong itinuturing ang kanilang espirituwal na buhay bilang napakapribado ay mas malamang na hindi bigyang-pansin ang pag-unlad sa espirituwal, o magsasabing hindi masyadong mahalaga ang kanilang pananampalataya, o hindi regular na naglalaan ng oras para sa Diyos. Bilang komunidad ng mga Banal, pinalalakas natin ang isa't isa sa pagsamba at sa pagsampalataya.

Gayunpaman, hindi natin dapat kalimutan ang mga ginagawa natin sa araw-araw nang personal at kasama ang ating pamilya na nagpapakita ng pagsamba. Pinaalalahanan tayo ng Tagapagligtas, "Gayunman ang inyong mga panata ay iaalay sa kabutihan sa lahat ng araw at sa lahat ng panahon." Matalinong pinansin ng isang sister, "Wala na akong maisip na mas malalim na pagsamba sa Diyos maliban sa pagtanggap sa Kanyang mga musmos sa ating buhay at pag-aalaga at pagtuturo sa kanila tungkol sa Kanyang plano para sa kanila."

Itinuro nina Alma at Amulek sa mga

had been banned from their synagogues to worship God not merely once a week but always and “in whatsoever place ye may be in.” They spoke about prayer as worship:

“Ye must pour out your souls in your closets, and your secret places, and in your wilderness.

“Yea, and when you do not cry unto the Lord, let your hearts be full, drawn out in prayer unto him continually.”

They also spoke of searching the scriptures, bearing testimony of Christ, performing charitable acts and service, receiving the Holy Ghost, and living in thanksgiving daily. Consider that thought: “living in thanksgiving daily.” It speaks to my second concept:

The Attitudes and Feelings Inherent in Worship

Feeling and expressing gratitude to God are, in fact, what infuses worship with a sense of joyful renewal as opposed to seeing it as just one more duty.

True worship means loving God and yielding our will to Him—the most precious gift we can offer. When asked which was the great commandment in all the law, Jesus replied, “Thou shalt love the Lord thy God with all thy heart, and with all thy soul, and with all thy mind.” He also called this the first commandment.

This was the pattern of Jesus’s own worship of the Father. His life and His atoning sacrifice were dedicated to the glory of the Father. Poignantly we remember Jesus’s heartrending plea in the midst of unimaginable suffering and anguish: “O my Father, if it be possible, let this cup pass from me,” but then His submissive “nevertheless not as I will, but as thou wilt.”

Worship is striving to follow this perfect example. We will not attain perfection in this course overnight, but if each day we “offer for a sacrifice unto [Him] a broken heart and a contrite spirit,” He will again baptize us with His Spirit and fill us with His grace.

Zoramita na pinagbawalang pumasok sa kanilang mga sinagoga na sambahin ang Diyos hindi lamang isang beses sa isang linggo, kundi palagi, at “saan mang lugar kayo naroroon.” Nagsalita sila tungkol sa panalangin at pagsamba:

“Kailangan ninyong ibuhos ang inyong mga kaluluwa sa inyong mga silid, at sa inyong mga lihim na lugar, at sa inyong mga ilang.

“Oo, at kung hindi kayo nagsusumamo sa Panginoon, hayaan na ang inyong mga puso ay mapuspos, patuloy na lumalapit sa panalangin sa kanya para sa inyong kapakanan.”

Nagturo din sila tungkol sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagpapatotoo tungkol kay Cristo, pagkakawanggawa at paglilingkod, pagtanggap sa Espiritu Santo, at pamumuhay nang may pasasalamat sa araw-araw. Pag-isipan iyan: “pamumuhay nang may pasasalamat sa araw-araw.” Ipinahihiwatig nito ang aking pangalawang konsepto:

Ang Ating Saloobin at Damdamin Habang Tayo ay Sumasamba

Sa katunayan, ang makadama at magpahayag ng pasasalamat sa Diyos ang nagsasanhi ng masayang pakiramdam sa pagsamba sa halip na isipin lamang na isa pang tungkulin iyon.

Ang kahulugan ng tunay na pagsamba ay ang pagmamahal sa Diyos at pag-aalay ng ating kalooban sa Kanya—ang pinaka-natatanging kaloob na maaari nating ibigay. Nang tanungin Siya kung ano ang dakilang utos sa mga kautusan, sumagot si Jesus, “Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, at nang buong kaluluwa mo, at nang buong pag-iisip mo.” Tinawag din Niya itong ang unang kautusan.

Ito ang huwaran ng pagsamba mismo ni Jesus sa Ama. Ang Kanyang buhay at Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo ay inialay para sa kaluwalhatian ng Ama. Madamdamin nating inaalala ang makabagbag-damdaming pagsamo ni Jesus sa gitna ng di-mailarawang pagdurusa at paghihirap: “Ama ko, kung maaari, lumampas sana sa akin ang kopang ito; gayunma’y hindi ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo.”

Ang pagsamba ay ang pagsisikap na sundin ang perpektong halimbawang ito. Hindi tayo magiging perpekto sa paggawa nito sa loob ng maikling panahon, ngunit kung araw-araw ay “mag-aalay [tayo] bilang pinaka-hain sa [Kanya] ng isang bagbag na puso at nagsisising espiritu,” muli Niya tayong bibinyagan ng Kanyang Espiri-

Third, the Exclusivity of Our Worship

In the first section of the Doctrine and Covenants, the Lord pronounces this indictment of the world:

“They have strayed from mine ordinances, and have broken mine everlasting covenant;

“They seek not the Lord to establish his righteousness, but every man walketh in his own way, and after the image of his own god, whose image is in the likeness of the world.”

It is good for us to remember the example of the three Jewish young men Hananiah, Mishael, and Azariah, carried captive to Babylon not long after Lehi and his family left Jerusalem. A Babylonian officer renamed them Shadrach, Meshach, and Abed-nego. Later, when these three refused to worship an image set up by King Nebuchadnezzar, he commanded that they be thrown into a burning fiery furnace, saying to them, “And who is that God that shall deliver you out of my hands?”

You will recall their bold answer:

“Our God whom we serve is able to deliver us from the burning fiery furnace, and he will deliver us out of thine hand, O king.

“But if not, be it known unto thee ... that we will not serve thy gods, nor worship the golden image which thou hast set up.”

The furnace was so hot that it killed those who threw them into it, but Shadrach, Meshach, and Abed-nego were unharmed. “Then Nebuchadnezzar spake, and said, Blessed be the God of Shadrach, Meshach, and Abed-nego, who hath ... delivered his servants that trusted in him, ... and yielded their bodies, that they might not serve nor worship any god, except their own God.” They trusted in Jehovah for deliverance, “but if not,” that is, even if God in His wisdom did not prevent their death, yet they would remain true to Him.

tu at pupuspusin tayo ng Kanyang biyaya.

Pangatlo, ang Pagiging Eksklusibo ng Ating Pagsamba

Sa unang bahagi ng Doktrina at mga Tipan, ipinahayag ng Panginoon ang paghatol na ito sa mundo:

“Sila ay lumihis mula sa aking mga ordenansa, at sumira sa aking walang hanggang tipan;

“Hindi nila hinanap ang Panginoon upang itatag ang kanyang kabutihan, kundi ang bawat tao ay lumalakad sa sarili niyang paraan, at alinsunod sa larawan ng sarili niyang diyos, na kung kaninong larawan ay kahalintulad ng daigdig.”

Mabuti para sa atin na maalala ang halimbawa ng tatlong kabataang lalaking Judio na sina Hananias, Mishael, at Azarias, na dinalang bihag sa Babilonia hindi nagtagal matapos lisanin ni Lehi at ng kanyang pamilya ang Jerusalem. Binago ng isang opisyal sa Babilonia ang kanilang pangalan at tinawag silang Shadrach, Meshach, at Abednego. Kalaunan, nang tumanggi ang tatlong ito na sumamba sa isang rebultong ipinatayo ni Haring Nebukadnezar, inutos nitong ihagis sila sa hurno ng nagniningas na apoy, at sinabi sa kanila, “At sinong diyos ang magliligtas sa inyo sa aking mga kamay?”

Maalala ninyo ang kanilang matapang na sagot:

“Ang aming Diyos na pinaglilingkuran namin ay makapagliligtas sa amin sa hurno ng nagniningas na apoy; at hayaang ilitas niya kami sa iyong kamay, O hari.

“Ngunit kung sakali mang hindi, dapat mong malaman, ... na hindi kami maglilingkod sa iyong mga diyos, ni sasamba man sa rebultong ginto na iyong ipinatayo.”

Ang hurno ay napakainit kaya namatay ang mga naglagay sa kanila roon, ngunit sina Shadrach, Meshach, at Abednego ay hindi nasaktan. “Nagsalita si Nebukadnezar at sinabi, Purihin ang Diyos nina Shadrach, Meshach, at Abednego, na ... nagliligtas sa kanyang mga lingkod na nagtiwala sa kanya. ... At isinuko ang kanilang mga katawan kaysa maglingkod o sumamba sa sinumang diyos maliban sa kanilang sariling Diyos.” Nagtiwala sila kay Jehovah para sa kanilang kaligtasan, “ngunit kung sakali mang hindi,” ang ibig sabihin ay, kahit na hindi pinigilan ng Diyos ang kanilang kamatayan ayon sa Kanyang karunungan, mananatili pa rin silang tapat sa Kanya.

Whatever takes precedence over worship of the Father and the Son becomes an idol. Those who reject God as the source of truth, or disavow any accountability to Him, in effect substitute themselves as their god. One who places loyalty to a party or cause ahead of divine direction worships a false god. Even those who purport to worship God but do not keep His commandments are walking in their own way: “They draw near to me with their lips, but their hearts are far from me.” The object of our worship is exclusively “the only true God, and Jesus Christ, whom [He] has sent.”

Finally, the Need to Emulate the Father and the Son

Ultimately, how we live may be the best, most genuine form of worship. Showing our devotion means emulating the Father and the Son—cultivating Their attributes and character in ourselves. If, as the saying goes, imitation is the sincerest form of flattery, then we might say with respect to Deity, emulation is the sincerest form of veneration. This suggests an active, sustained effort on our part to seek holiness. But becoming more Christlike is also the natural outcome of our acts of worship. Elder Kearon’s phrase cited earlier about worshipping “in a way that transforms us” is significant. True worship is transformative.

This is the beauty of the covenant path—the path of worship, love, and loyalty to God. We enter that path by baptism, pledging to take upon us the name of Christ and to keep His commandments. We receive the gift of the Holy Ghost, the messenger of the Savior’s grace that redeems and cleanses us from sin as we repent. We could even say that in repenting we are worshipping Him.

There follow additional priesthood ordinanc-

Anumang bagay na inuuna natin kaysa sa pagsamba sa Ama at sa Anak ay nagiging diyus-diyusan. Ang mga taong tumatanggi na ang Diyos ang pinagmumulan ng katotohanan, o ayaw tumanggap ng anumang pananagutan sa Kanya, ay itinuturing angkanilang sarilibilang kanilang diyos. Ang isang taong inilalagay ang kanyang tiwala sa isang partido o sa isang layunin nang higit pa kaysa sa patnubay ng Diyos ay sumasamba sa huwad na diyos. Ang mga taong nagsasabi na sinasamba nila ang Diyos ngunit hindi naman sinusunod ang Kanyang mga kautusan ay sinusunod ang sarili nilang kagustuhan: “Lumalapit sila sa akin sa pamamagitan ng kanilang mga labi, subalit ang kanilang mga puso ay malayo sa akin.” Ang tanging dapat nating pagtuunan sa ating pagsamba ay ang “[nag-iisang] Diyos na tunay, at si Jesucristo na [Kanyang] sinugo.”

Panghuli, ang Pangangailangang Tularan ang Ama at ang Anak

Sa huli, ang paraan ng ating pamumuhay ang pinakadakila at pinakatunay na paraan ng pagsamba. Ang ibig sabihin ng pagpapakita ng ating debosyon ay ang pagsunod sa Ama at sa Anak—sinisikap na magkaroon tayo ng Kanilang mga katangian. Kung, tulad nga ng kasabihan, na ang panggagaya ang pinakataos-pusong anyo ng papuri, masasabi natin nang may paggalang sa Diyos, ang pagtulad sa isang tao ang pinakatapat na anyo ng tunay na papuri. Ito ay nagpapahiwatig ng ating aktibo at patuloy na pagsisikap na maging banal. Ngunit ang pagiging higit na tulad ni Cristo ang siya ring natural na bunga ng ating mga pagsamba. Ang sinabi ni Elder Kearon na binanggit ko kanina tungkol sa pagsamba na, “sa paraang magpapabago sa ating sarili,” ay talagang mahalaga. Ang tunay na pagsamba ay nagpapabago sa atin.

Ito ang kagandahan ng landas ng tipan—ang landas ng pagsamba, pagmamahal, at katapatan sa Diyos. Pumapasok tayo sa landas na iyan sa binyag, nangangako na tatanggapin natin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo at susundin ang Kanyang mga kautusan. Matatanggap natin ang kaloob na Espiritu Santo, ang tagapaghatid ng biyaya ng Tagapagligas na tutubos at maglilinis sa atin mula sa kasalanan kapag tayo ay nagsisisi. Masasabi nga rin natin na sinasamba natin Siya sa pamamagitan ng pagsisisi.

Kasunod ng mga ito ang karagdagang mga

es and covenants made in the house of the Lord that further sanctify us. The ceremonies and ordinances of the temple constitute an elevated form of worship.

President Russell M. Nelson has emphasized that “every man and every woman who participates in priesthood ordinances and who makes and keeps covenants with God has direct access to the power of God.” This is not only a power we draw upon to serve and to bless. It is also the divine power that works in us to refine and purify us. As we walk the covenant path, the sanctifying “power of godliness is manifest” in us.

May we, as the ancient Nephites and Lamanites, “fall down at the feet of Jesus, and ... worship him.” May we, as commanded by Jesus, “fall down and worship the Father in [the] name [of the Son].” May we receive the Holy Spirit and yield our hearts to God, have no other gods before Him, and as disciples of Jesus Christ, emulate His character in our own lives. I testify that as we do, we will experience joy in worship. In the name of Jesus Christ, amen.

ordenansa ng priesthood at tipan na ginagawa sa bahay ng Panginoon na mas nagpapabanal sa atin. Ang mga seremonya at mga ordenansa sa templo ay mas mataas na anyo ng pagsamba.

Binigyang-diin ni Pangulong Russell M. Nelson na “ang bawat lalaki at babae na nakikibahagi sa mga ordenansa ng priesthood at gumagawa at tumutupad ng mga tipan sa Diyos ay maaaring tuwirang makatanggap ng kapangyarihan ng Diyos” Hindi lamang ito isang kapangyarihang magagamit natin para maglingkod at magbasbas. Ito rin ang kapangyarihan ng langit na umiimpluwensya sa atin para tayo pinuhin at dalisayin. Habang tayo ay umuusad sa landas ng tipan, ang nagpapabanal na “kapangyarihan ng kabanalan ay makikita” sa ating sarili.

Tayo nawa, tulad ng mga Nephita at mga Lamanita noong unang panahon, ay, “[m]agsiluhod sa paanan ni Jesus, at sinamba siya.” Tayo nawa, tulad ng utos ni Jesus, “ay [magpa]tirapa at [sumamba sa] Ama sa [pangalan ng Anak].” Tanggapin nawa natin ang Banal na Espiritu at ialay ang ating puso sa Diyos, hindi tayo magkaroon ng ibang mga diyos maliban sa Kanya, at bilang mga disipulo ni Jesucristo, matularan natin ang Kanyang katangian sa sarili nating buhay. Pinatotohanan ko na kapag ginawa natin ito, magagalak tayo sa pagsamba. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.